## ANO ANG **PAG-AAPRENTIS?**



Ang mga nakarehistrong pag-aaprentis ay mga may-bayad na trabaho. Habang naglilingkod sa trabaho, nakakatanggap ang mga aprentis ng pagsasanay mula sa isang bihasang manggagawa at nauugnay na pagtuturo sa silid-aralan. Ang isang aprentis ay ini-isponsoran ng isang employer o samahan at binabayaran alinsunod sa isang progresibong panukatan ng sahod.

Tandaan: Ang Departamento ng Paggawa sa Maryland ay hindi naglalagay ng mga indibidwal sa mga programa ng pag-aaprentis. Ang isponsor at/ o mga employer ang direktang kumukuha ng mga aprentis.

Ang kabuuang Badyet para sa Fiscal na Taon 2021 ng Programang Pag-aaprentis sa Paggawa ay $2,637.107.
Ang $1,913,356 (73%) ay pinopondohan sa pamamagitan ng ilang maraming-taon na mga kaloob ng Departamento ng Paggawa ng U.S. Ang iba pang $723,751 (27%) ay pinopondohan sa pamamagitan ng mga hindi-pederal na pagkukunan.

# MARYLAND APPRENTICESHIP (Tagalog)



Maryland
DEPARTMENT OF LABOR



## ANG IYONG PERPEKTONG

# TRABAHO

## Bakit ka mag-aaprentis?

Kung handa ka nang mangarap ng mataas at kamtin ang iyong kayang maabot, maaaring tama para sa iyo ang pag-aaprentis.

- Kumita habang natututo ka.
- Dagdagan ang iyong kakayahang kumita.
- Maging in-demand.
- Iwasan ang utang para sa kolehiyo.
- Gumawa ng mga propesyonal na koneksiyon.

## Paano ako maging aprentis?

Hakbang 1: Bisitahin ang occupations.mdapprenticeship.com upang tingnan ang isang listahan ng mga bukas na hanapbuhay.

Hakbang 2: Tumawag sa (410) 767-2246 o mag-email sa info@mdap- prenticeship.com upang makipag-ugnayan sa isang navigator ng pag-aaprentis na siyang magkokonekta sa iyo sa mga bukas na oportunidad sa pag-aaprentis.

Hakbang 3: Mag-aplay nang direkta sa isponsor ng programa o sa employer.

- Maging 18 taong gulang ▪ Magkaroon ng transportasyon ▪ Maging malaya sa droga
- Magkaroon ng high school diploma (sa pamamagitan ng pagtatapos sa high school, GED® o NEDP)
- Maging pisikal na handa para magsagawa ng mga kinakailangang gawain

## ANG IYONG PERPEKTONG

# APRENTIS

## Bakit kukuha ng aprentis?

- Palakihin ang iyong puwersa ng manggagawa.
- Bawasan ang mga gastos sa pag-alis ng tauhan.
- Pataasin ang produktibidad.
- Planuhin ang pagpapalit ng empleyado.
- Samantalahin ang mga pinansiyal na insentibo.

## Paano ako kukuha ng isang aprentis?

Hakbang 1: Tawagan ang isang navigator ng pag-aaprentis sa (410) 767-2246.

Hakbang 2: Ikokonekta ka ng navigator ng pag-aaprentis sa isang kasalukuyang programa sa pag-aaprentis o tutulungan kang gumawa ng ipinasadyang nakarehistrong programa sa pag-aaprentis.

Hakbang 3: Makikipagtulungan kami sa iyo na ipakita ang iyong plano para sa pag-apruba sa Kapulungan ng Pag-aaprentis at Pagsasanay sa Maryland.

Hakbang 4: Simulang i-recruit ang iyong aprentis! Matutulungan ka naming maghanap ng talento sa pamamagitan ng aming pambuong estadong Mga Sentro ng Trabaho sa Amerika.

